

1

Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct (GMRC)*

Kuarter

Linggo

3

PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Lingguhang Aralin sa GMRC 1
Kuarter 1: Ikatlong Linggo
SY 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga gurong kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon.

Bumuo sa Pagsusulat

Writer:	Joyce F. Orillosa
Content Reviewer:	Melynda T. Andres, Joselita B. Gulapa, Juliet P. Quezon
Illustrator:	Eric de Guia
Layout Artist:	Paul Nelo F. Eusebio

Management Team


Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

MATATAG K to10 Kurikulum Lingguhang Aralin	Paaralan:		Baitang:	1
	Pangalan ng Guro:		Asignatura:	GMRC
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:		Markahan at Linggo:	Unang Markahan / Ikatlong Linggo

	UNANG ARAW	IKALAWANG ARAW	IKATLONG ARAW	IKAAPAT NA ARAW
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
A. <i>Pamantayang Pangnilalaman</i>	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid.			
B. <i>Pamantayang Pagganap</i>	Naisasagawa ng mag-aaral ang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid upang malinang ang pagiging matiyaga.			
C. <i>Mga Kasanayang Pampagkatuto</i>	<p>Naipakikita ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga naipong pera sa alkansiya o mga gamit sa lagayan</p> <p>a. Natutukoy ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan</p> <p>b. Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan</p> <p>c. Nailalapat ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid (hal. pagtatabi ng pera o gamit sa paaralan)</p>			
D. <i>Mga Layunin</i>	<p>Nakakikilala ng mga paraan ng pag-iimpok ayon sa sariling kakayahan</p> <p>Naiisa-isa ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan</p>	<p>Natutukoy ang mga paraan ng pag-iimpok ayon sa sariling kakayahan</p> <p>Naipahahayag ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan</p>	<p>Nailalapat ang mga paraan ng pag-iimpok (hal. pagtatabi ng pera)</p> <p>Naipaliliwanag ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan</p>	<p>Naipakikita ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga naipong pera sa alkansiya o mga gamit sa lagayan</p> <p><i>SEL: Responsible decision making/Reflecting</i></p> <p>Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan</p>
E. <i>Lilinanging Pagpapahalaaga</i>	Matiyaga (Perseverance)			

II. NILALAMAN/ PAKSA		Sariling Paraan ng Pag iimpok		
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
A. Mga Sanggunian	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide
B. Iba pang Kagamitan	<ul style="list-style-type: none">Meta cards/stripsAwitLarawan ng batang lalaki at babae	Meta cards/strips Awit Tula	Meta cards/strips Awit Tatlong Sobre	Meta cards/strips Awit Tula
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
Bago Ituro ang Aralin				
Panimulang Gawain	<p>Pagbati: Sabihin: <i>Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!</i></p> <p><i>Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)</i></p> <p>Awit: <i>Sampung mga daliri, Kamay at paa, Dalawang mata, Dalawang tainga, Ilong na Maganda, Maliliit na ngipin, Masarap kumain, Dilang maliit nagsasabing Huwag kang magsinungaling.</i></p>	<p>Pagbati Sabihin: <i>Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!</i></p> <p><i>Kamusta kayo? Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos)</i></p> <p>Awit: <i>Kung ikaw ay masaya, tumawa ka (hahaha). Kung ikaw ay masaya, tumawa ka (hahaha). Kung ikaw ay masaya, buhay mo ay sisigla. Kung ikaw ay masaya, tumawa ka (hahaha).</i></p>	<p>Pagbati Sabihin: <i>Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!</i></p> <p><i>Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)</i></p> <p>Awit: <i>Kumusta ka! Halina't magsaya! Pumalakpak, pumalakpak Ituro ang paa Padyak sa kanan, Padyak sa kaliwa Umikot ka, umikot ka't humanap ng iba</i></p>	<p>Pagbati Sabihin: <i>Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!</i></p> <p><i>Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)</i></p> <p>Awit: <i>Ako ay may lobo Lumipad sa langit `Di ko na nakita Pumutok na pala Sayang ang pera ko Ibinili ng lobo Sa pagkain sana Nabusog pa ako.</i></p>

	<p>Balik-aral:</p> <p>Itanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Sino ang kaibigan mo?</i> • <i>Ano ang poborito ninyong laro?</i> <p>(Tumawag ng ilang mag-aaral na tutugon.) <i>Laging tandaan na ang pagkakaroon ng kaibigan sa pagbuo ng ugnayan sa kapuwa ay tanggap ang pagkakapareho at pagkakaiba.</i></p> <p>Pagganyak:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipakita ang larawan  <ul style="list-style-type: none"> • Sabihin: <i>Ano ang nakikita ninyo sa larawan? (Tumawag ng mga mag-aaral na tutugon. Maaaring ang sagot ay alkansiyang kawayan, pet bottles, kahon)</i> <p><i>Mahusay!</i></p>	<p>Balik-aral:</p> <p>Sabihin:</p> <p><i>Humanap ng kapareha/partner at pag-usapan ang sariling paraan ng pag-iimpok. Pagkatapos ay magpalitan naman ng pagkakataong maisa-isa ang sariling paraan ng pag-iimpok.</i></p> <p>Itanong sa mga mag-aaral:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Naisa-isa ba ng iyong kamag-aral/kapartner ang sariling paraan ng pag-iimpok?</i> <p><i>Mahusay kayo sapagkat naiisa-isa ninyo ang sariling paraan ng pag-iimpok.</i></p> <p><i>Kaya naman, palakpakan ninyo ang inyong sarili ng limang beses!</i></p> <p><i>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima!</i></p> <p>Pagganyak:</p> <p><i>Bago tayo magpatuloy ay alamin muna natin ang ating pamantayan upang matuto:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Umupo nang maayos.</i> • <i>Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.</i> • <i>Makinig nang mahusay sa guro.</i> • <i>Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.</i> 	<p>Balik-aral:</p> <p>Sabihin:</p> <p><i>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Natatandaan ba ninyo ang ating maikling tula?</i></p> <p><i>Sa pagkakataong ito, punan ang mga patlang sa tula. (Gawin ito nang pasalita, tumawag ng ilang mga mag-aaral na tutugon.)</i></p> <div data-bbox="1352 635 1722 1058" style="border: 1px solid black; padding: 10px; margin: 10px 0;"> <p style="text-align: center;">Ako ay Mag-iimpok</p> <p style="text-align: center;">Sa tulong ng _____ regalo ni _____ nanay</p> <p style="text-align: center;">Sa pag-iipon ng _____ masasanay</p> <p style="text-align: center;">Kapag dumating ang mga _____</p> <p style="text-align: center;">Sa _____ tiyak</p> </div> <p><i>Mahusay kayo sapagkat natatandaan ninyo ang ating tula na may pamagat na Tayo ay Mag-impok.</i></p> <p><i>Kaya naman palakpakan ang inyong sarili ng sampung beses!</i></p>	<p>Balik-aral:</p> <p>Sabihin:</p> <p><i>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon?</i></p> <p><i>Sa pagkakataong ito ay inyong bigkasin ang tula na:</i></p> <div data-bbox="1733 491 2128 890" style="border: 1px solid black; padding: 10px; margin: 10px 0;"> <p style="text-align: center;">Ako ay Mag-iimpok</p> <p style="text-align: center;">Sa tulong ng alkansiyang regalo ni nanay</p> <p style="text-align: center;">Sa pag-iipon ng pera masasanay</p> <p style="text-align: center;">Kapag dumating ang mga pangangailangan</p> <p style="text-align: center;">Sa pag-iimpok tiyak may mapagkukunan.</p> </div> <p>Itanong:</p> <p><i>Ano ang natutuhan mo sa dula-dulaan na isinagawa natin kahapon?</i> <i>Ano ang natutuhan mo sa kuwentong Si Langgam at si Tipaklong?</i></p> <p><i>Tiyakin na maipaliwanag at isaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan.</i></p>
--	--	---	--	--

<p>Sino sa inyo ang mayroong alkansiya? (Tumawag ng mag-aaral na ilalarawan ang kaniyang alkansiya.)</p> <p>Bago natin ipagpatuloy ang ating talakayan ay alamin muna natin ang ating pamantayan upang matuto.</p> <ul style="list-style-type: none">• Umupo nang maayos.• Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.• Makinig nang mahusay sa guro.• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. <p>Handa na ba kayo para ipagpatuloy ang ating talakayan?</p> <p>(Tiyaking nakahandang mabuti ang mga mag-aaral.)</p>	<p>Handa na ba kayo?</p> <p>Tayo ngayon ay maglalaro.</p> <p>Gawain 1: Suriin mo. (Makikita rin sa Learning Activity Sheets.)</p> <p>Panuto: Hanapin at ituro sa loob ng malaking parisukat o word puzzle ang mga salitang aking babanggitin.</p> <table><tr><td>1. PERA</td></tr><tr><td>2. ALKANSIYA</td></tr><tr><td>3. IMPOK</td></tr><tr><td>4. IPON</td></tr><tr><td>5. MATIYAGA</td></tr></table> <table><tr><td>M</td><td>E</td><td>R</td><td>P</td><td>E</td><td>R</td><td>A</td><td>V</td></tr><tr><td>A</td><td>S</td><td>F</td><td>G</td><td>H</td><td>Y</td><td>L</td><td>I</td></tr><tr><td>T</td><td>B</td><td>I</td><td>M</td><td>P</td><td>O</td><td>K</td><td>K</td></tr><tr><td>I</td><td>N</td><td>M</td><td>K</td><td>L</td><td>W</td><td>A</td><td>L</td></tr><tr><td>Y</td><td>G</td><td>M</td><td>I</td><td>P</td><td>O</td><td>N</td><td>U</td></tr><tr><td>A</td><td>J</td><td>K</td><td>L</td><td>M</td><td>N</td><td>S</td><td>O</td></tr><tr><td>G</td><td>O</td><td>P</td><td>Q</td><td>R</td><td>S</td><td>I</td><td>T</td></tr><tr><td>A</td><td>S</td><td>T</td><td>U</td><td>V</td><td>W</td><td>Y</td><td>D</td></tr><tr><td>W</td><td>X</td><td>Y</td><td>Z</td><td>X</td><td>T</td><td>A</td><td>U</td></tr></table> <p>Mahusay kayo sapagkat nahanap ninyo ang salitang aking binanggit.</p>	1. PERA	2. ALKANSIYA	3. IMPOK	4. IPON	5. MATIYAGA	M	E	R	P	E	R	A	V	A	S	F	G	H	Y	L	I	T	B	I	M	P	O	K	K	I	N	M	K	L	W	A	L	Y	G	M	I	P	O	N	U	A	J	K	L	M	N	S	O	G	O	P	Q	R	S	I	T	A	S	T	U	V	W	Y	D	W	X	Y	Z	X	T	A	U	<p>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!</p> <p>Pagganyak:</p> <p>Bago natin ipagpatuloy ay alamin muna natin ang ating pamantayan sa pagkatuto tulad ng:</p> <ul style="list-style-type: none">• Umupo nang maayos.• Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.• Makinig nang mahusay sa guro.• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. <p>Handa na ba kayo?</p> <ul style="list-style-type: none">• Ipakita ang larawan (Makikita rin ito sa Gawain 1. Suriin Mo.) <div></div>	<p>Mahusay kayo sapagkat natukoy na ninyo ang batayang impormasyon ng sarili.</p> <p>Kaya naman palakpakan ninyo ang inyong sarili ng sampung beses!</p> <p>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!</p> <p>Pagganyak:</p> <p>Bago natin ipagpatuloy ay alamin muna natin ang ating pamantayang pagkatuto tulad ng:</p> <ul style="list-style-type: none">• Umupo nang maayos.• Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.• Makinig nang mahusay sa guro.• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. <p>Handa na ba kayo sa ating pag-aaral?</p> <p>Ilahad ang gawain na may pamagat na Hulaan Mo.</p> <p>Sabihin:</p> <p>Magkakaroon tayo ng gawain na Hulaan Mo.</p>
1. PERA																																																																																
2. ALKANSIYA																																																																																
3. IMPOK																																																																																
4. IPON																																																																																
5. MATIYAGA																																																																																
M	E	R	P	E	R	A	V																																																																									
A	S	F	G	H	Y	L	I																																																																									
T	B	I	M	P	O	K	K																																																																									
I	N	M	K	L	W	A	L																																																																									
Y	G	M	I	P	O	N	U																																																																									
A	J	K	L	M	N	S	O																																																																									
G	O	P	Q	R	S	I	T																																																																									
A	S	T	U	V	W	Y	D																																																																									
W	X	Y	Z	X	T	A	U																																																																									

		<p><i>Kaya naman palakpakan ninyo ang inyong sarili ng sampung beses!</i></p> <p><i>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!</i></p>	<p>Sabihin: <i>Kilalanin natin sila!</i></p> <p><i>Ang mga nasa larawan ay mga mag-aaral din sa unang baitang na katulad ninyo.</i> <i>Sila ay sina Mike at Mae Sila ay mag-aaral sa unang baitang ng Matatag Elementary School. Sa tuwing umuuwi sila sa kanilang tahanan ay walang palya silang naglalagay sa kanilang alkansiya maliit man o malaking halaga.</i></p> <p>Itanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> <i>1. Ano ang mensahe ng larawan?</i> <i>2. Ginagawa mo rin ba ang ginagawa ng mga bata sa larawan? Paano?</i> <p>(Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral upang tumugon.)</p>	<p><i>Tukuyin kung anong angkop na salita ang ipahahayag.</i> <i>Makining nang mabuti sa aking babasahin.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> <i>• Ito ay maaaring metal o papel na may karampatang halaga. Ano ang tinutukoy? (pera)</i> <i>• Ito ay naitabing pera mula sa baon, gantimpala, o natanggap. Ano ang tinutukoy? (ipon)</i> <i>• Aksyon ng pag-iipon ng pera o bagay sa layuning magamit sa hinaharap o sa oras ng pangangailangan. Ano ang tinutukoy ng aksyon o kilos? (pag-iimpok)</i> <i>• Ang kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang. Anong pagpapahalaga ang tinutukoy? (matiyaga)</i> <i>• Ito ay lalagyan ng mga naipong barya o perang papel na maaaring gamitin sa pangangailangan o sa iba pa mang layunin. (alkansiya)</i> <p><i>(Tumawag ng mga mag-aaral para tumugon na nagpapakita ng tiwala sa sarili.)</i></p>
--	--	---	--	--

<p><i>Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin</i></p>	<p>Ipaskil sa pisara/board ang <i>meta cards/strips</i> na may nakasulat na mga salitang alkansiya, pera, pag-iimpok at matiyaga.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral:</p> <p><i>Sa araw na ito inaasahan na: makikilala ninyo ang mga paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan.</i></p> <p><i>Narito ang mga salitang makatutulong upang maunawaan ang ating aralin:</i></p> <table><tr><td>Alkansiya</td></tr><tr><td>Pera</td></tr><tr><td>Impok</td></tr><tr><td>Matiyaga</td></tr><tr><td>Ipon</td></tr></table> <p><i>Masaya nating alamin ang mga paraan ng pag-iimpok!</i></p>	Alkansiya	Pera	Impok	Matiyaga	Ipon	<p>Ipaskil sa pisara/board ang <i>meta cards/strips</i> na may nakasulat na mga salitang pera, alkansiya, impok, ipon at matiyaga.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral:</p> <p><i>Sa araw na ito, inaasahang:</i></p> <p>a) <i>matutukoy ninyo ang mga paraan ng pag-iimpok ayon sa inyong sariling kakayahan at</i></p> <p>b) <i>maipahahayag ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang inyong pangangailangan.</i></p> <p><i>Masaya nating tukuyin ang mga sariling paraan ng pag-iimpok na nalilinig ang pagiging matiyaga!</i></p>	<p>Ipaskil sa pisara/board ang <i>meta cards/strips</i> na may nakasulat na mga salitang pera, alkansiya, impok, ipon at matiyaga.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral:</p> <p><i>Sa araw na ito inaasahang:</i></p> <p>a) <i>mailalapat ninyo ang mga paraan ng pag-iimpok (hal. pagtatabi ng pera) at</i></p> <p>b) <i>maipaliliwanag ang inyong sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang inyong pangangailangan.</i></p> <p><i>Masaya nating ilapat at ipaliwanag ang kahalagahan ng pag-iimpok na nalilinig ang pagiging matiyaga!</i></p>	<p>Ipaskil sa pisara/ board ang <i>meta cards/strips</i> na may nakasulat na mga salitang pera, alkansiya, impok, ipon at matiyaga.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral:</p> <p><i>Sa araw na ito inaasahang:</i></p> <p>a) <i>maipakikita ninyo ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga naipong pera sa alkansiya o mga gamit sa lagayan at</i></p> <p>b) <i>maisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang inyong pangangailangan.</i></p> <p><i>Masaya nating ipakita at isaalang-alang ang kahalagahan ng pag-iimpok na nalilinig ang pagiging matiyaga!</i></p>
Alkansiya									
Pera									
Impok									
Matiyaga									
Ipon									

<p>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin</p>	<p>Paghahawan ng mga Balakid (Unlocking of Difficulties)</p> <p>Pangkatang Gawain - Pagbuo ng Puzzle</p> <p>Pangkatin ang klase sa limang (5) pangkat.</p> <p>Bawat pangkat ay bigyan ng <i>brown envelope</i> na naglalaman ng <i>puzzle</i>.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral: <i>Tayo ngayon ay maglalaro. Ang pamagat ng ating laro ay: Tayo ay Mag-impok.</i> (Ipabigkas sa mga mag-aaral ang pamagat ng laro.)</p> <p><i>Narito ang mga panutong dapat sundin:</i></p> <p>Una, may ibibigay akong <i>envelope</i> sa bawat pangkat. Ikalawa, bubuoin ninyo ang <i>puzzle</i>. Ikatlo, matapos mabuo ay tutukuyin ninyo ang mensahe ng larawan.</p> <p><i>Malinaw ba ang aking nabanggit?</i> (Tiyakin na lahat ng mag-aaral ay kabilang sa bawat pangkat.)</p> <p><i>Gawin na natin. Handa na ba kayo?</i></p>	<p>Paghahawan ng mga Balakid (Unlocking of Difficulties)</p> <p>Ipaskil sa pisara/board ang mga salitang nasa <i>meta cards/strips</i>.</p> <table><tr><td>PERA</td></tr><tr><td>ALKANSIYA</td></tr><tr><td>IMPOK</td></tr><tr><td>IPON</td></tr><tr><td>MATYAGA</td></tr></table> <p>Sabihin sa mga mag-aaral:</p> <ol style="list-style-type: none">1. <i>Makinig nang mabuti sa aking sasabihin na mga pangungusap.</i>2. <i>Tukuyin kung alin sa mga nakasulat sa meta cards/strips ang inilalarawan ng bawat pangungusap.</i>3. <i>Itaas ang kanang kamay kung nais sagutin at pumalakpak ng tatlong beses bago sagutin.</i> <p><i>Handa na ba kayo?</i></p> <p><i>Mga pangungusap at tanong:</i></p> <ul style="list-style-type: none">• <i>Ito ay maaaring metal o papel na may karampatang halaga. Ano ang tinutukoy? (pera)</i>• <i>Ito ay naitabing pera mula sa baon / gantimpala/</i>	PERA	ALKANSIYA	IMPOK	IPON	MATYAGA	<p>Paghahawan ng mga Balakid (Unlocking of Difficulties)</p> <p>Pangkatang Gawain – Dula-dulaan</p> <p>Pangkatin ang klase sa limang (5) pangkat.</p> <p>Sabihin sa mga mag-aaral: <i>Tayo ngayon ay magkakaroon ng maikling dula-dulaan.</i></p> <p><i>Narito ang situwasyon:</i> Tagapagsalaysay: Nagsimula nang mag-recess ang mga mag-aaral sa klase ni Bb. Perez.</p> <p>Bb. Perez: <i>Mga bata oras na ng ating recess, huwag kalimutan ang ating mga pamantayan kapag tayo ay nag-rerecess.</i></p> <p>Buong klase: <i>Opo, Bb. Perez.</i></p> <p>Tagapagsalaysay: Sa kanilang mga upuan ay masayang kumakain ng baong pagkain sina Ron, Liz, at Sam.</p> <p>Ron: <i>Alam ninyo, ang sarap ng baon kong vegetable sandwich! Nabusog na ako.</i></p>	<p>Paghahawan ng mga Balakid (Unlocking of Difficulties)</p> <p>Ipaskil sa pisara/board ang mga salitang nasa <i>meta cards/strips</i>.</p> <table><tr><td>ALKANSIYA</td></tr><tr><td>IPON</td></tr><tr><td>PERA</td></tr><tr><td>IMPOK</td></tr><tr><td>MATYAGA</td></tr></table> <p>Sabihin sa mga mag-aaral:</p> <ol style="list-style-type: none">1. <i>Makinig nang mabuti sa aking sasabihing mga pangungusap.</i>2. <i>Tukuyin kung alin sa mga nakasulat sa meta cards/strips ang inilalarawan ng bawat pangungusap.</i>3. <i>Itaas ang kaliwang kamay kung nais sagutin at pumalakpak ng limang beses bago sagutin.</i> <p><i>Handa na ba kayo?</i></p> <p><i>Mga pangungusap at tanong:</i></p> <ul style="list-style-type: none">• <i>Ito ay maaaring metal o papel na may karampatang halaga. Ano ang tinutukoy? (pera)</i>	ALKANSIYA	IPON	PERA	IMPOK	MATYAGA
PERA														
ALKANSIYA														
IMPOK														
IPON														
MATYAGA														
ALKANSIYA														
IPON														
PERA														
IMPOK														
MATYAGA														



natanggap. Ano ang tinutukoy? (ipon)

- Aksyon ng pag-iipon ng pera o bagay sa layuning magamit sa hinaharap o sa oras ng pangangailangan. Ano ang tinutukoy na aksyon o kilos? (impok)
- Ang kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang. Anong pagpapahalaga ang tinutukoy? (matiyaga)
- Ito ay lalagyan ng mga naipong mga barya o perang papel na maaaring gamitin sa pangangailangan o sa iba pa mang layunin. (alkansiya)

Mahusay kayong lahat.
Nakasunod kayo sa panuto at tama ang inyong mga tugon!

Palakpakan ng sampung beses ang inyong sarili!

Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima!
Anim! Pito! Walo! Siyam!
Sampu!

Hindi ko na gagastusin itong pera na bigay ng nanay ko.

Liz: Tama yan Ron, ako nga ay may alkansiya na hugis puso. Araw-araw akong naglalagay ng perang barya para maka-ipon.

Sam: Ako rin, may alkansiyang kawayan, ipinadala sa akin ng aking Lola galing probinsya. Lagi din akong naglalagay ng naipon kong pera, noon ngang nanalo ako sa pag-awit ay inilagay ko ang aking napanalunang pera sa aking alkansiya.

Liz: Ron, puwede ka rin gumawa ng sarili mong alkansiya gamit ang pet bottle o kaya ng kahon.

Ron: Oo nga, mamaya pag-uwi ko, magpapatulong ako kay nanay na gawin ang aking sariling alkansiya para ilagay ang aking pera. Salamat sa inyo Liz at Sam.

Bb. Perez: Mga bata humanda na kayo upang ipagpatuloy ang ating pag-aaral.

• Ito ay naitabing pera mula sa baon /gantimpala/ natanggap.

Ano ang tinutukoy? (ipon)

- Aksyon ng pag-iipon ng pera o bagay sa layuning magamit sa hinaharap o sa oras ng pangangailangan. Ano ang tinutukoy na aksyon o kilos? (impok)
- Ang kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang. Anong pagpapahalaga ang tinutukoy? (matiyaga)
- Ito ay lalagyan ng mga naipong barya o perang papel na maaaring gamitin sa pangangailangan o sa iba pang layunin. (alkansiya)

Mahusay kayong lahat.
Nakasunod kayo sa panuto at tama ang inyong mga tugon!

Palakpakan ng sampung beses ang inyong sarili!

Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!



(Mga nabuong larawan ay batang babaeng nasa unang baitang na naghuhulog ng pera sa alkansiyang kayawan, batang lalaking nasa unang baitang na gumagawa ng alkansiya gamit ang *pet bottle*, larawan ng pera - mga barya at perang papel, batang babaeng nasa unang baitang na gumagawa ng alkansiya gamit ang kahon at batang lalaking nasa unang baitang

Tagapagsalaysay: Kaya naman agad na inayos nina Ron, Liz, at Sam ang kanilang mga gamit at humanda na sa kanilang pag-aaral.

(Bigyan ng limang minuto ang bawat pangkat upang magsanay. Maaaring magkaroon ng palabunutan para sa pagkasusunod-sunod ng pagpapakita ng bawat pangkat.)

Mahusay kayong lahat sa sa isinagawang dula-dulaan.

*Tanong:
Ano ang natutuhan ninyo sa ipinakitang dula-dulaan?
Ipaliwanag.*

Palakpakan ng sampung palakpak ang inyong sarili.

Isa! Dalawa! Tatlo! Apat!
Lima! Anim! Pito! Walo!
Siyam! Sampu!

	<p>na naghuhulog ng pera sa alkansiyang <i>pet bottle</i>.)</p> <p>Itanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sa limang larawang nabuo, alin ang pinakagusto mo? 2. Bakit mo pinili ang larawang ito? 3. Sa inyong tahanan, may gumagawa din ba ng mga nakita ninyo sa larawan, tulad ng paghuhulog ng pera sa alkansiya? 4. Sa iyong palagay bakit mahalaga ang pag-iipon o pag-iimpok? <p>Mahusay kayong lahat sa ating larong pinamagatang Tayo ay Mag-impok!</p> <p>Alam ba ninyo na ang <i>pag-iimpok ay pag-iipon/ pagtatabi ng pera para magamit sa mga pangangailangan?</i></p> <p>(Tumawag ng mga mag-aaral upang magkuwento tungkol sa kaniyang ginagawang pag-iimpok.)</p> <p><i>Palakpakan ng sampung beses ang inyong sarili!</i></p> <p><i>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!</i></p>			
--	--	--	--	--

Habang Itinuturo ang Aralin

Pagbasa sa
Mahahalagang
Pag-unawa/ Susing
Ideya

Ipakita ang larawan.
(Larawang nabuo sa larong
Tayo ay Mag-impok na
magiging lunsaran para sa
mahalagang pag-unawa
tungkol sa aralin, makikita rin
sa Learning Activity Sheet –
Gawain 1 – Suriin Mo!)



Ilahad ang kuwentong may
pamagat na “Si Mila.”

Si Mila

*Si Mila ay batang nasa unang
baitang. Siya ay nagsasanay
mag-impok. Tuwing matatapos
ang kaniyang klase, iniipon niya
ang natitirang pera kahit barya
lamang mula sa kaniyang baon
at maingat na inilalagay sa
kaniyang alkansiyang hugis
puso.*

*Araw-araw, kahit gaano kaliit ang
halaga, iniipon niya ito nang
walang palya. Ang bawat
baryang kaniyang inimpok ay
bunga ng kaniyang pagtitiyaga at
disiplina, lalo na't madalas
siyang hinihikayat ng kaniyang
mga kalaro na bumili ng kendi o
laruan. Sa halip, iniisip niyang
makabili ng bagong aklat na
matagal na niyang nais basahin.*

*Sa bawat pagpatak ng barya sa
kaniyang alkansiya, lalong
lumalalim ang kaniyang
pagkaunawa sa halaga ng
pagtitiyaga. Nang mapuno na
ang kaniyang alkansiya, naisip ni
Mila na ang tunay na gantimpala
ng kaniyang pag-iimpok ay hindi
lamang ang makabili ng aklat,
kundi ang natutuhan niyang*

Ipakita ang larawan.
(Larawang ginamit sa
pagganyak, na magiging
lunsaran para sa
mahalagang pag-unawa
tungkol sa aralin.)

Sabihin:
Naaalala ba ninyo sila?



Ano ang laging ginagawa
nina Mike at Mae sa tuwing
umuwi sila sa kanilang
tahanan?

Bakit mahalaga ang pag-
iimpok? Ipaliwanag

Mahusay kayong lahat!

Palakpakan ninyo ang
inyong sarili at kamag-aral!

Gawain 1: Suriin mo.

Ipaskil ang salawikain:

“Kapag may isinuksok,
May madudukot”

Sabihin:
Narinig mo na ba ang
salawikaing, “Kapag may
isinuksok, may
madudukot”?

Ang salawikain ay payak na
pahayag na nagbibigay ng
payo o patnubay sa ating
pang araw-araw na
pamumuhay.
Madalas mong naririnig ang
salawikaing ito sa mga
nakatatanda.

Ano nga ba ang mensahe
ng salawikaing, “Kapag may
isinuksok, may
madudukot”?
Ito ay may kaugnayan sa
pag-iimpok, na sa oras ng
kagipitan, ikaw ay may
mapagkukunan.

(Ipaulit sa mga mag-aaral
ang mensahe ng
salawikain. Maaaring
tumawag ng ilang mag-
aaral para magpaliwanag o
magkuwento tungkol sa

	  <p>Sabihin: Nabanggit ko kanina ang mga nasa larawan ay may kaugnayan sa ating aralin.</p> <p>Handa na ba kayong malaman at kilalanin ang mga paraan ng pag-iimpok?</p> <p>Bago natin isa-isahin ang mga paraan ng pag-iimpok ay alamin muna natin ang kahulugan ng pag-iimpok.</p> <p>Ang pag-iimpok ay pagtatabi o pag-iipon ng pera o iba pang</p>	<p><i>pagtitiyaga na dadalhin niya sa habang buhay.</i></p> <p>Para sa guro: (Magkaroon ng talakayan tungkol sa kuwento na nakapokus sa araling pag-iimpok at pagtitiyaga)</p> <p>Itanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Tama ba ang ginawa ni Mila sa ating kuwento? Bakit?</i> • <i>Paano ang ginawa niyang paraan ng pag-iimpok?</i> <p><i>Mahusay kayong lahat!</i></p> <p><i>Palakpakan ang inyong sarili at kamag-aral!</i></p>		<p>kaniyang karanasan sa kanilang pamilya na may kaugnayan sa aralin.)</p>
--	---	---	--	--

	<p><i>uri ng yaman upang magamit sa hinaharap. Ito ay isang mahalagang aspekto ng pamamahala ng pera at disiplina sa paggastos na nagbibigay-daan na maihanda para sa mga darating na pangangailangan.</i></p> <p><i>Narito naman ang mga paraan ng pag-iimpok:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> <i>1. Paggamit ng alkansiya. Ito ay isang lalagyan na may maliit na butas o puwang kung saan ihuhulog ang naipon o naitabing pera. Maaari itong gawa sa iba't ibang materyales tulad ng plastik, seramika, metal, o kahit na kahoy.</i> <i>2. Pagtatabi ng bahagi ng baong pera. Kung may natatanggap na baong pera, maaaring magtabi ng bahagi nito at ihulog sa isang alkansiya.</i> <i>3. Pagtatabi ng mga natanggap na pera o regalong pera</i> <i>4. Pagtatabi ng pera bilang gantimpala na natanggap mula sa mga paligsahan</i> <p><i>(Magkaroon ng talakayan tungkol sa mga paraan ng pag-iimpok.)</i></p>			
--	--	--	--	--

	<p>Itanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sa mga paraan na nabanggit, alin ang nagawa mo na? 2. Para sa iyo, mahalaga ba ang pag-iimpok? Bakit? 3. Sa pag-iimpok o pag-iipon, mahalaga rin ba na maging matiyaga? (Sa pagtitiyaga natututuhan nating unahin ang kailangan kaysa luho o hindi kailangan.) <p>Mahusay kayong lahat!</p> <p>Bago tayo magpatuloy ng ating aralin ay umawit muna tayong lahat ng 'Kumusta ka.'</p>			
<p>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</p>	<p>Sabihin: Makinig kayong mabuti sa kuwentong aking babasahin. Ito ay may pamagat na Ang Alkansiyang Kawayan.</p> <p>Ang Alkansiyang Kawayan</p> <p>Gabi-gabi kong nakikita si Ate Chona na kinukuha ang alkansiyang kawayan sa ibabaw ng kabinet. Nakikita kong naglagay siya ng mga barya sa alkansiyang kawayan. Nagtataka ako kung bakit naglalagay siya ng maraming barya sa alkansiyang kawayan.</p>	<p>Sabihin: Tayo ngayon ay maglalaro. Pakinggan nang mabuti ang aking sasabihin kung paano gagawin ang larong ito.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bumuo ng bilog. 2. Ipasa ang bola sa kaklase sa iyong kanan habang tayo ay umaawit ng 'Kung Ikaw ay Masaya'. 3. Kapag tumigil ang awit, ang may hawak ng bola ang siyang sasagot sa tanong na aking ipapahayag. <p>Handa na ba kayo sa ating laro?</p>	<p>Sabihin: Tayo ngayon ay maglalaro. Pakinggan ninyo akong mabuti para sa panuto:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mayroon akong tatlong (3) sobre na naglalaman ng situwasyon at tanong. 2. Aawit tayo ng 'Kumusta Ka, Halina't Magsaya' habang pinapasa ang bola. Sa pagtigil ng ating awit, kung sino ang may hawak ng bola ay siyang may pagkakataong kumuha 	<p>Sabihin: Tayo ay may gawain. Pumalakpak ng limang (5) beses kung tama ang pahayag. Itaas ang kanang kamay kung hindi at iwasto ang pahayag.</p> <p>(Itanong ang sumusunod sa mga mag-aaral.)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pera ay maaaring metal o papel na may karampatang halaga. 2. Paggastos ay ang tawag sa naitabing pera mula sa baon,

	<p><i>Isang gabi, sinabi ni Ate Chona, "Mariel, huwag mongagalawin ang aking alkansiyang kawayan."</i></p> <p><i>Pagkalabas ni Ate Chona, ako ay tumayo sa harap ng kabinet at pinagmasdan ko ang alkansiyang kawayan.</i></p> <p><i>"Hmmm marami na kaya ang pera sa loob ng alkansiyang ito?"</i></p> <p><i>Dumating ang Sabado at kinuha ni Ate Chona ang alkansiyang kawayan. Binuksan niya ito, kinuha ang perang nasa loob at inumpisahang bilangin. "Bakit kaya?" ang sabi ko sa aking sarili.</i></p> <p><i>Dumating ang nanay nila at sinabing "Chona, magkano ang naimpok mo?"</i></p> <p><i>"Dalawang daang piso po nanay," ang sabi ni Chona.</i></p> <p><i>Magaling! Halika na sa mall at bilhin mo ang kuwaderno na gagamitin mo sa asignaturang MAKABANSA at GMRC.</i></p> <p><i>Sabi ng nanay, "Ikaw Mariel nag-iimpok ka ba?"</i></p>	<p>(Simulan ang awit at pasahan ng bola.)</p> <p><i>Mga tanong:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> <i>1. Sa ating pag-aaral, ano ang kahulugan ng pera? (Inaasahang sagot: Ito ay maaaring metal o papel na may karampatang halaga.)</i> <i>2. Sa pagpapatuloy ng ating pag-aaral, paano mo ilalarawan ang salitang ipon? (Inaasahang sagot: Ito ay naitabing pera mula sa baon /gantimpala/ natanggap.)</i> <i>3. Batay sa ating talakayan, ano ang kahulugan ng impok? (Inaasahang sagot: Aksyon ng pag-iipon ng pera o bagay sa layuning magamit sa hinaharap o sa oras ng pangangailangan)</i> <i>4. Paano mo ilalarawan ang pagiging matiyaga? (Inaasahang sagot: Ito ay kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang.)</i> <i>5. Ano ang ibig sabihin ng alkansiya? (Inaasahang sagot: Ito ay lalagyan ng mga naipong barya o perang papel na maaaring gamitin sa pangangailangan o sa iba pa mang layunin.)</i> 	<p><i>ng sobre at sagutin ang tanong.</i></p> <p><i>Subukin muna natin bilang pagsasanay.</i></p> <p><i>Handa na ba kayo?</i></p> <p><i>Mga situwasyon at tanong na nasa loob ng sobre:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> <i>1. May sobra kang pera mula sa iyong baon na ibinigay ng iyong tatay. Ano ang gagawin mo rito?</i> <i>2. Nanalo ka sa paligsahan ng pagbigkas ng tula. May natanggap kang pera bilang gantimpala. Ano ang gagawin mo sa iyong premyo?</i> <i>3. Dumating ang Lola at Lolo mo galing sa ibang bansa. Bukod sa mga kendi, tsokolate, at laruan, binigyan ka rin ng pera. Ano ang gagawin mo sa natanggap mong pera?</i> <ul style="list-style-type: none"> <i>• Maaaring muling talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng pag-iimpok.</i> <i>• Itanong:</i> <ol style="list-style-type: none"> <i>1. Ano ang naramdaman/ damdamin mo habang</i> 	<p><i>gantimpala, o natanggap.</i></p> <ol style="list-style-type: none"> <i>3. Ang pag-iimpok ay aksyon ng pag-iipon ng pera o bagay sa layuning magamit sa hinaharap o sa oras ng pangangailangan.</i> <i>4. Ang pagiging matiyaga ay kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang.</i> <i>5. Ang alkansiya ay lalagyan ng mga naipong barya o perang papel na maaaring gamitin sa pangangailangan o sa iba pang layunin.</i> <p><i>Maaaring gawing pang-isahan o dyad ang gawain. Tumawag ng mga mag-aaral upang magpahayag ng kanilang mga tugon.</i></p> <p><i>Mahusay kayong lahat at naipakita ninyo na tumitibay at tumatatag ang inyong tiwala sa sarili!</i></p> <p><i>Palakpakan ninyo ang inyong mga kamag-aral at ang inyong sarili!</i></p>
--	--	---	--	--

	<p><i>Ang sabi ko “Nanay maaari po bang gumawa tayo ng alkansiya na yari sa kahon para maka pag-impok ako?”</i></p> <p><i>“Magaling Mariel,” ang sabi ng kaniyang Nanay. “Gagawa tayo ng alkansiyang kahon para makapag-impok ka.”</i></p> <p><i>Pagbalik ng Nanay ni Mariel at ng kaniyang Ate Chona ay sinimulan nilang gumawa ng alkansiyang gawa sa kahon para magamit ni Mariel sa kaniyang pag-iimpok.</i></p> <p><i>“Ako ay masayang-masaya dahil natapos din namin ang aking alkansiyang kahon!” ang sabi ni Mariel.</i></p> <p><i>Sinimulan na itong lagyan ni Mariel ng mga naitabi niyang pera.</i></p> <p><i>“Kailangan na maging matiyaga ako sa pag-iipon. Siguradong magagamit ko ang mga naimpok kong pera sa pangangailangan ko sa aking pag-aaral,” ang sabi pa ni Mariel.</i></p> <p><i>Itanong:</i></p> <p><i>1. Ano ang mensahe ng kuwentong inyong napakinggan?</i></p>	<ul style="list-style-type: none"> • Muling talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng pag-iimpok. • Itanong: <ol style="list-style-type: none"> 1. <i>Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?</i> 2. <i>Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagtugon at talakayan?</i> 3. <i>Bakit mahalaga ang pag-iimpok at pagtitiyaga?</i> 4. <i>Paano mo maisasagawa ang sariling paraan ng pag-iimpok? (Inaasahang sagot: pagiging matiyaga)</i> 	<p><i>ginagawa ang ating gawain?</i></p> <p><i>2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagtugon at talakayan?</i></p> <p><i>3. Bakit mahalaga ang pag-iimpok at pagtitiyaga?</i></p> <p><i>4. Paano mo maisasagawa ang sariling paraan ng pag-iimpok? (Inaasahang sagot: pagiging matiyaga.)</i></p> <p>Hikayatin na maging masaya, aktibo, at may tiwala sa sarili ang mga mag-aaral habang sila ay tumutugon sa mga tanong.</p>	
--	---	--	--	--

	<p>2. <i>Sino sa inyo ang mayroong alkansiya?</i></p> <p>3. <i>Kung ikaw ay mag-iimpok, paano mo ito gagawin? Ikuwento mo nga sa amin.</i></p> <p><i>Totoong mahusay ang mga may mga alkansiya dahil naisasagawa na nilang mag-iimpok!</i></p> <p><i>Sa mga wala pa, magiging mahusay din kung kayo'y makapagsimula na ring magkaroon ng alkansiya.</i></p> <p><i>Palakpakan ninyo ang inyong sarili!</i></p>			
<p><i>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p>Sabihin: <i>Mahalaga ang pag-iimpok dahil nalilintang dito ang pagiging matiyaga.</i></p> <p><i>Sa pagkakataong ito, ating suriin ang mga situwasyong aking ilalahad.</i> (Gawin ito nang pasalita at tumawag ng ilang mga mag-aaral na tutugon.)</p> <p>Panuto: Makining nang mabuti sa mga situwasyong aking ilalahad at sagutin ang susunod na mga tanong.</p> <p>Mga situwasyon:</p>	<p>Sabihin: <i>Mahalaga ang pag-iimpok dahil nalilintang dito ang pagiging matiyaga.</i></p> <p><i>Sa pagkakataong ito ay pakinggan ninyo ang maikling tula na aking babasahin.</i></p> <p>(Gawin ito ng pasalita.)</p> <p>Gawain 2: Subukin mo.</p>	<p>Sabihin: <i>Mahalaga ang pag-iimpok dahil nalilintang dito ang pagiging matiyaga.</i></p> <p>Para sa guro: Ikuwento ang kuwentong may pamagat na 'Si Langgam at Tipaklong,' o maaaring humalaw ng kuwento na may temang matiyagang pag-iimpok.</p> <p>Buod ng kuwento: Si Langgam ay matiyagang nag-iipon ng mga makakain niya sa panahon ng tag-ulan. Madalas siyang tuksuhin ni Tipaklong na madalas</p>	<p>Sabihin: <i>Mahalaga ang pag-iimpok dahil nalilintang dito ang pagiging matiyaga.</i></p> <p>Sa pagkakataong ito, guguhit ang mga mag-aaral ng kanilang alkansiya. Kung wala pang alkansiya ay iguhit ang nais nilang alkansiya. (Makikita sa Learning Activity Sheet, Gawain 2 para sa ikaapat na araw.)</p> <p>Gawain 2: Subukin mo. (Magpakita ng ilang larawan ng alkansiya na magiging gabay o halimbawa para sa</p>


	<p>1. Si Ana ay mag-aaral sa unang baitang. Lagi siyang pinababaunan ng kaniyang nanay ng pagkain at pera. Minsan nga ay hindi na niya ginagastos ang kaniyang baong pera.</p> <p>Tanong: Kung ikaw si Ana, ano ang mabuti mong gawin sa baong pera? Bakit?</p> <p>2. Nagdiwang ng kaarawan si Mike. Napakasaya niya sapagkat may inabot na sobre na may lamang pera ang kaniyang Tito Sam. Binigyan din siya ng pera ng kaniyang ate.</p> <p>Tanong: Kung ikaw si Mike, ano ang mabuti mong gawin sa mga natanggap mong pera? Bakit?</p> <p>3. Matiyaga sa pagrerepaso ng mga aralin si Mica. Araw-araw siyang nagrereview ng kanilang mga napag-aralan. Kaya naman, sa tuwing nakakakuha ng mataas na puntos sa pagsusulit si Mica ay binibigyan siya ng kaniyang Lola at Lolo ng pera.</p> <p>Tanong:</p>	<p>(Babasahin muna ng guro, pagkatapos ay sabayang pagbigkas. Maaari ring tumawag ng ilang mga mag-aaral na bibigkas.)</p> <div data-bbox="909 336 1317 759" data-label="Text"> <p>Ako ay Mag-iimpok</p> <p>Sa tulong ng alkansiyang regalo ni nanay</p> <p>Sa pag-iipon ng pera masasanay</p> <p>Kapag dumating ang mga pangangailangan</p> <p>Sa pag-iimpok tiyak may mapagkukunan.</p> </div> <p>Itanong: <i>Ano ang mensahe ng tula? Bakit mahalaga ang pag-iimpok? Patunayan/ magkuwento.</i></p> <p>Tiyakin na ang pagtugon ng mga mag-aaral ay nakapokus sa sariling paraan ng pag-iimpok at nalilintang ang pagiging matiyaga.</p>	<p>nakikita namang nagsasaya at naglalaro sa damuhan sapagkat siya ay laging gumagawa at walang panahon na makapagsaya. Subalit sa pagdating ng panahon ng tag-ulan, naging maginhawa si Langgam dahil sa kaniyang pagsisikap samantalang kaawa-awa naman ang lagay ni Tipaklong sapagkat wala itong masilungan at makain. Sa huli, lumapit si Tipaklong kay Langgam upang humingi ng tulong. Siya ay tinulungan naman ni Langgam na naging ugat upang magbago si Tipaklong.</p> <p>Sabihin: <i>Ang mga aral na mapupulot sa kuwento ay:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Kapag may itinabi, sa oras ng pangangailangan siya ay mayroong magagamit.</i> • <i>Kapag naghirap upang makapag-impok ay makakamtan ang ginhawa sa takdang panahon.</i> 	<p>pagguhit ng mga mag-aaral.)</p> <div data-bbox="1749 301 2114 671" data-label="Image"> </div> <div data-bbox="1749 671 2114 1042" data-label="Image"> </div> <div data-bbox="1749 1042 2114 1453" data-label="Image"> </div>
--	--	---	--	---

	<p>Kung ikaw si Mica, ano ang mabuti mong gawin sa mga natanggap mong pera? Bakit?</p> <p>Para sa Guro:</p> <p>Tiyakin na sa pagtugon ng mga mag-aaral ay malilinang ang pagiging matiyaga kaugnay ng mga sariling paraan ng pag-iimpok na makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan.</p>			<p>Ipaguhit sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang kanilang alkansiya. Maaaring kulayan at gawing masining ang iginuhit na alkansiya.</p> <p>Tiyakin na ang lahat ng mag-aaral ay gumuguhit, gabayan ang mga mag-aaral na nakikitang nahihirapan sa gawain.</p>																				
Pagkatapos Ituro ang Aralin																								
<i>Paglalahat at Paglalapat</i>	<p>(Ipakita ang mga salita. Ipaliwanag ang panuto para sa Gawain.)</p> <p>Panuto: Punan ng letra ang patlang ayon sa kahulugan na aking sasabihin. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.</p> <table><tr><td>1. ALK_NSIYA</td><td></td></tr><tr><td>2. MAT_YAGA</td><td></td></tr><tr><td>3. P_RA</td><td></td></tr><tr><td>4. IMP_K</td><td></td></tr><tr><td>5. IP_N</td><td></td></tr></table> <p>Susing sagot:</p> <p>1. ALKANSIYA</p> <p>2. MATIYAGA</p> <p>3. PERA</p> <p>4. IMPOK</p> <p>5. IPON</p>	1. ALK_NSIYA		2. MAT_YAGA		3. P_RA		4. IMP_K		5. IP_N		<p>(Ipakita ang mga salita. Ipaliwanag ang panuto para sa Gawain.)</p> <p>Panuto: Punan ng letra ang patlang ayon sa kahulugan na aking sasabihin. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.</p> <table><tr><td>1. PER_</td><td></td></tr><tr><td>2. _P O N</td><td></td></tr><tr><td>3. _M P O K</td><td></td></tr><tr><td>4. ALKANSY_</td><td></td></tr><tr><td>5. M_TIYAGA</td><td></td></tr></table> <p>Susing sagot:</p> <p>1. PERA</p> <p>2. IPON</p> <p>3. IMPOK</p> <p>4. ALKANSIYA</p> <p>5. MATIYAGA</p>	1. PER_		2. _P O N		3. _M P O K		4. ALKANSY_		5. M_TIYAGA		<p>Iugnay ang paglalapat at paglalahat sa kuwentong tinalakay.</p> <p>Itanong:</p> <p>1. Anong natutuhan mo sa ating tinalakay na kuwento?</p> <p>2. Sa palagay mo ba ay kaya mong gayahin si Langgam? Sa papaanong paraan?</p> <p>3. Bakit mahalaga ang pag-iimpok tulad ng pagtatabi ng pera? Ipaliwanag.</p> <p>Bigyang diin na:</p> <p>Ang sariling paraan ng pag-iimpok ay makatutulong upang matugunan ang mga pangangailangan.</p>	<p>Sabihin:</p> <p><i>Ipakita sa klase ang iginuhit ninyong alkansiya.</i></p> <p>Itanong:</p> <p>1. Bakit iyan ang pinili mong iguhit?</p> <p>2. Ikuwento mo sa amin kung papaano ang gagawin mong pag-iimpok?</p> <p>3. Kung sakaling napuno mo na ang iyong alkansiya, ano ang gagawin mo sa naimpok mo? Ipaliwanag.</p> <p>4. Paano kung biglang nangailangan ng pera ang inyong pamilya at marami ka nang naimpok? Ibabahagi mo ba ang perang iyong naimpok? Bakit?</p>
1. ALK_NSIYA																								
2. MAT_YAGA																								
3. P_RA																								
4. IMP_K																								
5. IP_N																								
1. PER_																								
2. _P O N																								
3. _M P O K																								
4. ALKANSY_																								
5. M_TIYAGA																								

	<p>Itanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. <i>Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?</i> 2. <i>Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagbuo ng mga salita?</i> 3. <i>Bakit mahalaga ang pag-iimpok nang may pagtitiyaga?</i> 4. <i>Paano natin gagawin ang pag-iimpok? (Inaasahang Sagot: paggamit ng alkansiya)</i> <p>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag-aaral ang mga sariling paraan ng pag-iimpok.</p> <p>Sabihin: <i>Mahusay kayong lahat, tama ang mga sagot ninyo!</i></p> <p><i>Palakpakan ang inyong sarili!</i></p> <p><i>Bago tayo magpatuloy, may nais ba kayong itanong?</i></p> <p><i>Kung malinaw na sa inyo ang ating aralin ay umawit tayo ng ‘Sampung mga Daliri.’</i></p>	<p>Itanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. <i>Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?</i> 2. <i>Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagbuo ng mga salita?</i> 3. <i>Bakit mahalaga ang pag-iimpok nang may pagtitiyaga?</i> 4. <i>Paano natin gagawin ang pag-iimpok? (Inaasahang sagot: paggamit ng alkansiya)</i> <p>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag-aaral ang mga sariling paraan ng pag-iimpok.</p> <p><i>Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo!</i></p> <p><i>Palakpakan ninyo ang inyong sarili!</i></p> <p><i>Bago tayo magpatuloy, may nais ba kayong itanong?</i></p> <p><i>Kung malinaw na sa inyo ang ating aralin, umawit tayo ng ‘Kung Ikaw ay Masaya’.</i></p>	<p><i>Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo!</i></p> <p><i>Palakpakan ninyo ang inyong sarili!</i></p>	<p><i>Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo at naipakita ninyo ang mga paraan ng pag-iimpok!</i></p> <p><i>Palakpakan ninyo ang inyong sarili!</i></p>
<i>Pagtataya ng Natutuhan</i>	Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto.	Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto.	Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto.	Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto.

	<p>Panuto: (Gawain 3 – Makikita rin ito sa <i>Learning Activity Sheets</i>.) <i>Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Isulat sa inyong sagutang papel ang letrang I kung tama ang ipinahahayag at M kung mali.</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Inilalagay ni Ana sa alkansiya ang kaniyang naipong pera mula sa kaniyang baon. 2. Pinadalhan ng pera si Ron ng kaniyang Lolo mula sa ibang bansa. Binigyan din siya ng mga laruan. Binili pa rin niya ng dagdag na mga laruan ang natanggap na pera. 3. Nanalo sa paligsahan sa pagguhit si Aly. Nakatanggap siya ng pera bilang gantimpala at inilagay niya ito sa kaniyang alkansiya. 4. Tuwing umuwi si Ed sa kanilang tahanan galing paaralan ay bumibili siya ng laruan kahit marami na siyang laruan. 5. Matiyagang nag-iipon ng pera si Rona upang may maipambili ng kaniyang gamit sa pag-aaral. 	<p>Gawain 3: Sagutin Mo. Panuto: <i>Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Iguhit sa iyong sagutang papel ang masayang mukha 😊 kung tama ang pahayag at malungkot na mukha ☹ kung mali.</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pera ay maaaring metal o papel na may karampatang halaga. 2. Ang paggastos ay ang pagtatabi ng pera mula sa baon, gantimpala, o natanggap. 3. Ang pag-iimpok ay aksyon ng pag-iipon ng pera o bagay sa layuning magamit sa hinaharap o sa oras ng pangangailangan. 4. Ang paglalaro ay kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang. 5. Alkansiya ang tawag sa lalagyan ng mga naipong barya o perang papel na maaaring gamitin sa pangangailangan o sa iba pa mang layunin. 	<p>Gawain 2: Sagutin mo. Panuto: <i>Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Isulat sa iyong sagutang papel ang tsek (✓) kung tama ang pahayag at ekis (X) kung mali.</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nanalo ng paligsahan sa pag-awit ni Sam. Nakatanggap siya ng pera bilang gantimpala at inilagay niya ito sa kaniyang alkansiya. 2. Pinadalhan ng pera si Mae ng kaniyang Lola mula sa ibang bansa. Binigyan din siya ng mga laruan. Binili pa rin niya ng mga laruan ang natanggap na pera. 3. Inilalagay ni Cris sa alkansiya ang kaniyang naipong pera mula sa kaniyang baon. 4. Matiyagang nag-iipon ng pera si Kim upang may maipambili ng kaniyang gamit sa pag-aaral. 5. Tuwing umuwi si Bea sa kanilang tahanan galing sa paaralan ay bumibili siya ng laruan, kahit marami na siyang laruan. 	<p>Gawain 3: Sagutin mo. Panuto: <i>Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Iguhit ang hugis puso ♥ kung sang-ayon sa pahayag at hugis bilog ○ kung hindi sang-ayon. Gawin ang pagsagot sa iyong sagutang papel.</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mahilig mag-impok si Mila, kahit hinihikayat siyang laging bumili ng kendi ng kaniyang mga kamag-aral. Ang natirang pera galing sa kaniyang baon ay inilalagay niya sa kaniyang alkansiya. 2. Matiyagang nag-iimpok si Ron dahil nais niyang bigyan ng sorpresang regalo ang kaniyang tatay sa nalalapit nitong kaarawan. 3. Bukod sa regalong manika, binigyan ng pera si Mae ng kaniyang Lola. Namasyal sila sa mall kasama ang kaniyang Lola. Ibinili pa rin niya ng manika ang perang regalo sa kaniya. 4. Dahil sa husay ng pagsayaw ni Mitch ay nagwagi siya sa paligsahan at nakatanggap ng pera bilang premyo. Pag-uwi
--	---	---	---	--

	<p>Susing sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. T 2. M 3. T 4. M 5. T 	<p>Susing sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. 😊 2. 😞 3. 😊 4. 😞 5. 😊 	<p>Susing sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. ✓ 2. X 3. ✓ 4. ✓ 5. X 	<p>ng bahay ay inilagay niya agad ito sa kaniyang alkansiya.</p> <p>5. Biglang nagkaroon ng <i>emergency</i> sa inyong tahanan. Nagkasakit ang iyong nanay at kailangan ng pambili ng gamot dahil wala pang suweldo ang iyong tatay. Ibinigay mo ang perang naipon sa iyong alkansiya upang may pambili ng gamot.</p> <p>Susing sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. ❤️ 2. ❤️ 3. ○ 4. ❤️ 5. ❤️
<p><i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i></p>	<p>Sabihin: Dahil naipakita ninyo na natutuhan ninyo ang sariling paraan ng pag-iimpok at ang pagiging matiyaga, gagawa tayo ng sobre:</p> <ul style="list-style-type: none"> • gamit ang recycled materials tulad ng lumang magasin o gift wrapper, 	<p>Sabihin: Mahusay ninyong natukoy at naisa-isa ang mga sariling paraan ng pag-iimpok na may paglinang sa pagiging matiyaga.</p>	<p>Sabihin: Dahil naipakita ninyo na natutuhan ninyo ang sariling paraan ng pag-iimpok at ang pagiging matiyaga, ipagpapatuloy natin ang paggawa ng sobre.</p> <p>Narito ang paraan ng paggawa:</p>	<p>Sabihin: Mahusay ninyong naipakita ang mga sariling paraan ng pag-iimpok na may paglinang sa pagiging matiyaga.</p> <p>Sa pagkakataong ito ay ipagpapatuloy natin ang paggawa ng sobre.</p>

	<ul style="list-style-type: none"> • <i>ihugis ito upang maging perfect square na may sukat na 6x6 na pulgada, at</i> • <i>itupi nang ayon sa larawan.</i>  <p>Itanong: <i>Ano ang naging damdamin ninyo habang ginagawa natin ang gawain? Bakit kailangang maging matiyaga sa ating mga ginagawa?</i></p>	<p><i>Sanaying bigkasin ang ating natalakay na tula.</i></p> <div style="border: 1px solid black; padding: 10px; text-align: center;"> <p>Ako ay Mag-iimpok</p> <p>Sa alkansiyang regalo ni nanay</p> <p>Lagayan ng ipong barya magsasanay</p> <p>Kapag dumating ang mga pangangailangan</p> <p>Sa pag-iimpok tiyak may mapagkukunan</p> </div> <p>Itanong: <i>Ano ang naging damdamin ninyo habang binibigkas ang tula? Bakit kailangan na tayo ay mag-impok?</i></p>	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Gumamit ng recycled materials tulad ng lumang magasin o gift wrapper.</i> • <i>Ihugis ito upang maging perfect square na may sukat na 6x6 na pulgada.</i> • <i>Itupi ito nang gaya ng nasa larawan.</i> (Magpakita ang guro ng larawan ng sobra.)  <p>Itanong: <i>Ano ang naging damdamin ninyo habang ginagawa natin ang gawain? Bakit kailangan na maging matiyaga sa ating mga ginagawa?</i></p>	<p>Ang karagdagan sa ating gawain ay lalagyan natin ng mga palamuti o dekorasyon ang ating nagawang sobra.</p>  <p>(Magpakita ang guro ng larawan ng sobra na may mga palamuti o dekorasyon.)</p> <p>Itanong: <i>Ano ang naging damdamin ninyo habang ginagawa natin ang gawain? Bakit kailangan na maging matiyaga sa ating mga ginagawa?</i></p>
Mga Tala	<p>Mga Paalala:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar, at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga ng pagiging matiyaga. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng 	<p>Mga Paalala:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar, at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga ng pagiging matiyaga. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang kaangkupan ng aralin/paksa 	<p>Mga Paalala:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar, at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga ng pagiging matiyaga. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang 	<p>Mga Paalala:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar, at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga ng pagiging matiyaga. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang

	aralin/paksa batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman, at pagganap.	batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman, at pagganap.	mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.
<i>Repleksiyon</i>	Bilang guro: <i>Natutuhan ko na _____.</i> <i>Nabatid/narealize ko na _____.</i> <i>Nadama ko na _____.</i> <i>Nagpasya ako na ituon _____.</i>	Bilang guro: <i>Natutuhan ko na _____.</i> <i>Nabatid/narealize ko na _____.</i> <i>Nadama ko na _____.</i> <i>Nagpasya ako na ituon _____.</i>	Bilang guro: <i>Natutuhan ko na _____.</i> <i>Nabatid/narealize ko na _____.</i> <i>Nadama ko na _____.</i> <i>Nagpasya ako na ituon _____.</i>	Bilang guro: <i>Natutuhan ko na _____.</i> <i>Nabatid/narealize ko na _____.</i> <i>Nadama ko na _____.</i> <i>Nagpasya ako na ituon _____.</i>

Inihanda ni:

Guro

Nirebyu ni:

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

School Head